



1003 Christian Parenting

Conrad Jun Tolosa

Revised April 4, 2022

6. Pangunahan ang anak: Turuan, sanayin at bigyan ng direksyon

Tinuturo ng Bibliya na kahanga-hanga ang ginawang pag-iingat ng Diyos sa paglikha ng tao sa sarili Niyang wangis (Psalms 139:14-16; Genesis 1:27). Hindi pa nga nagkakaroon ng porma ang ating katawan sa sinapupunan ng ating ina, kita na ng Diyos ang ating hugis. Di kaila sa Diyos ang ating pagkatao. Matututuhan din natin sa Bibliya na ang buhay ng tao ay galing sa hininga ng Diyos at ang haba ng buhay na ito ay itinakda din Niya at nakatala sa aklat ng buhay bago pa man tayo isilang (Genesis 2:7; Psalms 139:16).

Tinuturo din ng Bibliya na tayo ay di lamang nilikha ng Diyos upang magkaroon ng buhay kundi ang nilalaman ng buhay na ito ay Kanya ring gawain. Bahagi ng dakilang gawaing ito ang muling paglikha kay Cristo sa mga nagtitiwala kay Cristo. At ang layunin ng Diyos sa pagkilos sa buhay ng tao ay upang siya naman ay gumawa ng mabubuting gawa - - mga gawaing magdudulot ng kasiyahan sa Diyos. Tulad din ng pagtakda ng haba ng buhay ng tao, ang mabubuting gawa na kanyang lalakaran ay inihanda na rin mula pa lamang sa simula (Ephesians 2:10).

Ang unang bahagi ng pangunguna sa anak ay ang ituro sa kanya na siya ay tanging likha ng Diyos at, tulad nang nasabi na, may layunin ang Diyos sa kanyang buhay.

Dahil sa may layunin ang Diyos sa bawat buhay na Kanyang nilalang, may mga kaloob Siya sa bawat isa sa atin nang sa ganoon ay maisakatuparan natin ang mga tinakdang mabubuting gawa na kung saan tayo ay itinalaga o may *calling*. Halimbawa, kung ang tawag sa buhay ng tao ay maging guro, maaasahan na may kaloob sa kanya ng katangiang angkop sa pagtuturo. May karunungan siyang tataglayin upang makatapos ng isang kurso sa pagsasanay bilang isang teacher. Kung ang tawag naman ay maging isang negosyante, makaasana ng kaloob na may kinalalaman sa kagalingan sa paghawak ng pera at sa pagpapalago nito.

Si Leo ay lumaki sa hirap kasama ang lima niyang mga kapatid. Struggle siya hanggang sa pag-graduate niya sa elementary, dahil maagang namatay ang kanyang ina. Subalit nang siya ay nag-teen-ager na, nakapag-Saudi ang panganay niyang kapatid. At siyempre pa, nakapagpapadala ng pera.

Naging pabaya naman ang kanyang ama dahil sa hindi na kailangang mag-overtime lagi; bagkos ay natutong bumarkada. Naging lakuwatchero si Leo. Hindi nakatapos ng high school. Maaga pang nakabuntis ng nobya – si Jenny.

Naging ulirang maybahay si Jenny. At dahil na rin sa tulong ng kanyang magulang, gumanda ang kanilang buhay. Hindi sila nahirapan sa pagpapalaki ng kanilang dalawang anak – sina Mercy at Justin. Masipag pareho mag-aral at matalino pa.

Nang makatapos na ng high school si Mercy, ninais niyang kumuha ng Education dahil gusto niyang maging isang teacher. Subalit, money-conscious si Leo, dahil na rin sa kanyang background. Masunuring

anak si Mercy kaya Accounting ang kanyang kinuhang kurso upang makakuha agad ng trabaho na disente ang suweldo.

Makaraan ang sampung taon, napansin ni Jenny na laging matamlay si Mercy. Para bang walang gana sa buhay. Marami raw pressure sa trabaho. At totoo naman iyon dahil palugi na ang kumpanyang kanyang pinapasukan. At napansin din ni Jenny na nabubuhayan lang ng loob si Mercy kapag nagtuturo sa Sunday School ng kanilang iglesya.

Nag-usap ang mag-ina. Dito nalaman ni Jenny ang tunay na layunin ng Diyos sa buhay ng kanyang anak na maging isang teacher. Agad-agad na pinayuhan niya si Mercy na kumuha ng education units at maghanda para sa teacher's licensure exam.

Sinunod ni Mercy ang payo ng kanyang ina. Sa ngayon, siya ay isang model teacher ng isang pangunahing elementary school sa buong Pilipinas.

Ang ikalawang bahagi ng pangunguna sa anak ay ang pagbibigay ng mabuting pansin sa mga katangian na inilalahad ng anak sa takbo ng kanyang buhay.. Ang mga katangiang naobserbahan sa anak ay dapat tangkilikin at hasain pa nang sa ganoon ay mas lalong tumalim. Mabuting ipagamit o gamitin ang mga talento at abilidad na nakikita sa anak upang mas lalong kasanayan at katuwaan nang patuloy. Sa pamamagitan nito, magagabayan ng magulang ang anak sa pagdedesisyon sa pagpili ng kurso na angkop sa kanyang kakayahin pag dating ng takdang panahon.

Kung naging bukas sana si Leo sa tawag ng Diyos sa buhay ni Mercy, hindi na sana siya napilitang mag-Accounting. Bagamat hindi naman naging kalugihang total ang nangyari.

Patungkol sa bagay na ito, naalala ko ang sinabi ng isa kong kaibigan (na barkada ni Leo) sa kanyang anak: *Anak, ikaw ang magtatawid sa atin sa kahirapan. Ang ipakukuha ko sa iyo sa kolehiyo ay Nursing kahit ipangutang ko pa ang pangmatrikula mo.* Nang marinig ko iyon, ilang mga katanungan agad ang naglaro sa aking isipan . . . *Bakit siya ang pumipili ng kurso para sa kanyang anak? Ganito ba talaga dito sa Pilipinas? At bakit niya iniaasa ang kanilang kinabukasan sa kanyang anak?* Responsibilidad ng magulang na ihanda ang anak sa kinabukasan. Hindi kasama dito ang paggamit sa kanila para sa sariling kapakinabangan.

Patungkol pa rin sa ikalawang bahaging ito, kinakailangang maging maingat ang magulang sa pagsasanay sa anak sa dalawang bagay:

- a) Hindi dapat kainipan ang paghinog ng mga katangiang handog ng Diyos sa anak. Kailangan ng magulang ang pag-iingat sapagkat, lalo na dito sa Pilipinas, maraming bata ang madaling mawalan ng gana o pag-asa. Huwag na huwag pipilitin ang anak na mag-perform para sa madla. Malamang na talikuran niya ang kanyang mga talento kapag sa tuwing gagamitin niya ito, siya ay makadarama ng pressure mula sa magulang.

Natatandaan ko na si Pastor Edong ay ganyan noong hindi pa siya pastor. Lagi niyang sasabihan ang anak na tumugtog ng piano para sa mga kaibigan. Ipinagmamalaki kasi niya ang anak subalit hindi niya nadarama na presyuradong-presyurado si Bong sa ganitong pagkakataon. Hindi naglaon ay huminto na sa pag-aaral ng piano ang bata.

- b) Maging mahusay sa paghusga ng talento o special ability ng anak. Huwag magdunong-dunungan. Huwag maging katulad ni Nida. Dahil sa kanyang paghanga kay Lea Salonga, inisip niyang maging isang mahusay na manganganta rin si Joy, kahit na obvious sa iba na disintonado ang bata. Naniwala si Joy sa ina na siya ay magaling kumanta, kaya naman trying hard siya sa mahabang panahon. Dumating ang araw na na-frustrate na nang husto si Joy dahil sa mga rejections na kanyang naranasan sa dami ng auditions na kanyang ginawa. Dahil sa natutok ang panahon ni Joy sa pag-eensayo sa pagkanta, nakaligtaan niya ang pagsusulat kung saan siya ay may tunay na abilidad.

Ang ikatlong bahagi sa pangunguna ng anak ay ang ituro sa kanya ang tamang direksyon. Dinadapuan ako ng kalungkutan sa tuwing nakakakita ako ng mga batang palaboy-laboy sa kalye. Ang mga batang ito, na nilikha ayon sa wangis ng Diyos, ay walang tamang direksyon sa buhay. Walang gabay na nakukuha sa kanilang mga magulang. Walang sapat na education para makamtan nila ang isang maayos na kinabukasan. Walang maayos na tahanan upang sila ay maprotektahan mula sa mga kasamaan sa kapaligiran. Ang mga magulang ay nariyan upang bigyan ng direksyon ang kanilang mga anak.

Sa isang eksena sa pelikula, ito ang dialogue ng ama sa kanyang dalagitang anak na hindi ko malimut-limutan: *Ineng, pakitunguhan mo nang mabuti ang anak ni Mayor. Alam mo naman, iyan ang magbibigay sa atin ng magandang koneksyon para kumita tayo ng pera. Nangako si Mayor na gagawin niya akong kolektor sa palengke. Alam mo naman, nandidiyan ang pera! Sigurado na ang pagyaman natin!*

Lagi ko itong naaalala sapagkat alam nating lahat na ito ay hango sa tunay na buhay. Sa halip na bigyan ng tamang pananaw at direksyon ang anak, marami sa ating mga magulang ang nagtuturo ng maling paniniwala. Ang direksyon na nais ng Diyos na ituro ng magulang sa kanyang anak ay yaong magdadala sa bata tungo sa paggawa ng mabuti at tama, at hindi ang pakikiyon sa takbo ng mundo.

7. Ihanda ang anak para sa kanyang kinabukasan. Siguraduhin na mayroon siyang sapat na education.

May isang dating senador na tumakbo para presidente ang nagsabi ng ganito, “Ang kailangan ng Pilipino ay kaalamanan.” Sang-ayon ako dito. Sa aking palagay hindi hand-out ang kailangan ng ating mga kababayan na naghihirap kundi kaalamanan sa pagkita ng pera o paghahanap buhay. Ang mga nabubuhay sa bigay o lagay ay mamamatay sa bigay o lagay. At malamang na, na ang ituturo nila sa kanilang mga anak ay kung paano dumilehensya o paano kumita ng pera sa mabilisan maski maling paraan. Hindi ito ang kinakailangang educasyon ng mga bata - - ang masanay sa pasikot-sikot sa cultura ng graft and corruption.

Para sa marami sa ating mga kababayan, ang kayamanan ang makapagdudulot ng kasiyahan sa buhay. Kaya naman para sa mga ganito ang pananaw sa buhay, ang ipakukuha nilang kurso sa kanilang mga anak ay related sa medical field tulad ng nursing, physical therapy, o kaya naman ay yaong may kinalalaman sa computer. Ang mga ito ay ilan lamang sa mga kurso na pinaniniwalaang madaling makakapagbigay ng pagkakataon na makapag-abroad.

Ang sabi ng isang nanay sa ibang magulang sa isang daycare sa may amin ay ito: *Ngayon pa lang ay pinaghahandaan ko na ang pag-aaral ng aking anak sa colegio. Nag-iipon na ako at nagsusumikap na makatulong sa aking asawa sa pagkita ng pera. Alam ninyo naman na walang mararating ang bata kung walang college education, di ba? Ang tugon ng isang kausap ay ito: *Ako, sinasanay ko na ang anak ko sa English para madaling makapasok sa call center. Malaki ang kita doon.* Ang sabat naman ng isa ay ito:*

Para sa akin, isang tama lang sa lotto, tapos ang kuwento. Hindi na kailangang mag-aral pa ng anak ko. Aminin man natin o hindi, kadalasan ay pera ang ating motibo sa paggawa ng desisyon.

Ang tamang education na kailangan ng ating mga anak ay yaong magbibigay sa kanila ng karunungan at pang-unawa patungkol sa mga bagay na may kaugnayan sa katotohanan, mabuti at tama. At education na makapagpapaunlad ng kanilang taglay na natatanging abilidad.

Matutunghayan natin sa aklat ng Proverbs ang mga sumusunod na pangaral patungkol sa bagay na ito: *Ang Panginoon ay nagbibigay ng karunungan at mula sa Kanyang bibig lumalabas ang kaalaman at pang-unawa (Proverbs 2:6). Ang takot sa Panginoon ay panimula ng karunungan at ang pagkilala sa Banal na Diyos ay pang-unawa (Proverbs 9:10).*

Kung tayo ay walang nalalaman sa salita ng Diyos na kung saan nakabase ang katotohanan tungkol sa Kanyang kalikasan, kalooban at mga layunin, hindi tayo makatutunghay ng tunay na karunungan. Ang mga maling paniniwala tungkol sa Diyos kalimitan ay nauwi sa pagkawalang galang o takot sa Kanya. At kung tayo ay walang takot sa Diyos madali tayong pasukan ng kalokohan sa ulo. At kung wala tayong takot sa Diyos madali tayong madadala ng mga kalokohang ating naiisip. Kung tayong mga matatanda ay ganito, lalo na ang kabataan. Ang tamang educasyon para sa ating mga anak ay nagsisimula sa pag-aaral ng Bibliya, ang salita ng Diyos. At ang educasyon na ito ay nagsisimula sa ating mga tahanan. Sa kanilang murang edad, imulat na natin sila sa Salita ng Diyos. Sa ganitong paraan, ano mang kurso ang kunin nila pagdating sa colegio, ito ay siguradong gagamitin nila para sa ikaluluwalhati ng pangalan ng Diyos.

Ang isang nakalulungkot na balita sa ating bansa ay ang napakataas na *drop-out rate* sa elementary school pa lamang. Umaabot sa 30% ang hindi nakaabot sa grade six sa ilang lalawigan. Ano ang kahihinatnan ng mga batang ito? Paano sila magiging productive citizens ng ating bayan? Ang buntot ng balitang ito ay ang mga drop-outs na ito ay nauwi sa masasamang gawain tulad ng drug-running, pagnanakaw, child prostitution, o ahente sa jueteng kapag hindi na nila kayang buhayin ang sarili sa pamamagitan ng pagpapalimos.

Sa kabilang palad, nakatutuwa namang malaman na mayroong programa ang ating gobyerno na tumutulong sa mga kabataang hindi nakapagtapos at nais makakuha ng high school diploma. Subalit hindi dapat isipin na ito ang solusyon sa problemang ito. Dapat alamin ng pamunuan ng ating bayan kung bakit tila бага suko na ang mga magulang sa pagpapaaral ng kanilang mga anak. Dahil ba sa wala na silang pag-asa? At wala na silang nakikitang pag-asa para sa kanilang mga anak? At ang mga estudyante, wala na ba silang sapat na matutuhan sa ating mga public schools? Nawalan na ba sila ng motivation para pumasok? Bakit? Bakit isang milyon na ang mga kabataang Pilipino ang hindi na pumapasok sa eskuwelahan?

Ang karunungan ay ang sukduhan, kaya nga mag-ari ka ng karunungan, kahit na gugulin mo ang lahat mong kayamanan kumuha ka ng pang-unawa (Proverbs 4:7). Ito ang payo ng Bibliya para sa lahat. Ito ay dapat panghawakan ng mga magulang ano man ang kanilang palagay sa kinabukasan ng bayan. Kung nawalan man sila ng compiyansa sa gobyerno, dapat nilang malaman na ang karunungan ay nakakamtan sa pamamagitan ng pag-aaral ng Salita ng Diyos. Dapat nilang sikapin na makipisan sa pag-aaral nito. Ang mga iglesia-lokal ay dapat isaala-ala ang kahalagahan ng pagtuturo ng mga aralin mula sa labi ng Panginoong Jesus.

Mayroon ngang ginto at marami ang mga ruby, subalit ang mga labi na nagsasabi ng karunungan ay pambihirang uri ng mamahaling bato (Proverbs 20:15). Ang kawikaang ito ang sagot sa tanong na: Ano ang mas mahalaga, kayamanan o karunungan? Makasisiguro ang magulang ng magandang kinabukasan para sa kanyang anak kung siya ay tuturuan ng Salita ng Diyos.

Multiple Choice

1. Makikita ng Diyos ang ating hugis sa sinapupunan ng ating ina kapag malapit na tayong ipanganak.
 - a. True
 - b. False

2. Nilikha tayo hindi lamang upang magkaroon ng buhay kundi ang nilalaman ng ating buhay ay Kanya ring gawain. Bahagi dito ang
 - a. Pagbabalik-loob natin sa Diyos.
 - b. Muling paglikha sa wangis ni Cristo sa mga nagtitiwala sa Kanya.
 - c. Lahat ng nasa itaas

3. Ang layunin ng Diyos sa pagkilos sa buhay ng tao ay
 - a. Upang maging matagumpay siya sa kanyang chosen field
 - b. Upang lakaran ang mabubuting gawa na magdudulot ng kasiyahan sa pamilya
 - c. Upang maisakatuparan ang mabubuting gawa na magbibigay kasiyahan sa Diyos.

4. Ano ang layunin ng Diyos sa bawat buhay na kanyang nilalang?
 - a. Ang maging tanyag at yumaman sa kanyang career.
 - b. Ang maisagawa ang kanyang *calling*.
 - c. Lahat ng nasa itaas

5. Dapat ituro sa anak na siya ay tanging likha ng Diyos at dapat niyang tuparin ang layunin ng Diyos sa kanyang buhay.
 - a. True
 - b. False

6. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
 - a. Ang mga katangian ng anak ay dapat bigyan pansin upang mahasa ang kanyang mga abilidad.
 - b. Ipagamit sa anak ang talento o abilidad upang makasanayan at makasiyahan.
 - c. Ipagamit sa anak ang mga talento at abilidad kahit na napre-pressure ang bata.

7. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
 - a. Kung ang calling mo ay maging isang guro, magsasanay ka bilang teacher
 - b. Kung ang calling mo ay maging negosyante, hahasain mo ang iyong business skills
 - c. Kung ang calling mo ay mabuting katiwala ng pera, lagi kang maghihintay ng mga sale sa mall.

8. Ang mga magulang ang dapat na pumili ng kurso ng kanilang mga anak para hindi ito mapariwara.
- True
 - False
9. Dapat isiksik sa isip ng anak na dapat siyang tumulong sa kanyang mga magulang sa pagpapaaral ng kanyang mga kapatid kapag siya ay nagtrabaho na.
- True
 - False
10. Tama lang na ang anak ay hikayatin gawin ang isang bagay sapagkat baka ma-develop pa ito kahit alam ng magulang na napipilitan lamang ang anak.
- True
 - False
11. Ang pagbibigay direksyon sa anak ay dapat humantong sa kung sino ang kanyang mapapangasawa.
- True
 - False
12. Ang kailangan ng ating mga kababayan na dumaranas ng kahirapan ay
- Makatanggap ng hand-out mula sa mga kamag-anak
 - Makatanggap ng ayuda mula sa gobyerno
 - Makatamo ng kaalaman
13. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama? Ang tamang edukasyon para sa anak ay yaong
- Magbibigay sa kanila ng matiwasay at marangyang kabuhayan.
 - Magbibigay sa kanila ng karunungan at pang-unawa na may kinalaman sa totoo, mabuti at tama.
 - Makapagpapaunlad ng kanilang taglay na mga abilidad.
14. Ang sabi sa Proverbs 9:10a ay ang _____ sa Panginoon ay panimula ng karunungan.
- Kasiyahan
 - Takot
 - Katuwiran
15. Sa Proverbs 2:6, sinabi na Ang Panginoon ay nagbibigay ng _____ at mula sa Kanyang bibig lumalabas ang kaalaman at pang-unawa.
- Katiwasayan
 - Kasiyahan

- c. Karunungan
16. Ang tamang edukasyon sa ating mga anak ay nagsisimula sa pagtuturo sa kanila ng salita ng Diyos.
- True
 - False
17. Ang pagkawalang takot sa Diyos ay nauwi sa
- Pagkakilala sa Kanya
 - Madaling pagpasok ng kalokohan sa isip
 - Paggawa ng kaunting kabutihan
18. Anumang kurso ang kunin ng ating anak, dapat itong gamitin para sa
- Ikatatanyag ng kanyang pangalan
 - Ikaluluwalhati ng pangalan ng Diyos
 - Ikasisiya natin bilang magulang
19. Ang mga batang nagdra-drop-out sa eskuwelahan ay kadalasang nauwi sa
- Masamang gawain
 - Pagpapalimos
 - Pagdedelihensya
 - Lahat ng nasa itaas
20. Mahalagang mag-may-ari ng karunungan at kahit na gugulin natin ang lahat ng ating kayamanan upang makakuha lamang ng pang-unawa.
- True
 - False
21. Kinakailangan ang maraming salapi upang magkaroon ng karunungan.
- True
 - False
22. Makatatamo lamang ang tao ng karunungan kung siya ay
- Nag-aaral sa magandang unibersidad
 - Nag-aaral ng salita ng Diyos
 - Mayroong scholarship sa eskuwelahan